


Music

Ikalawang Markahan – Modyul 2: Wastong Tono Gamit ang Boses o Instrumento



Music – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang – Modyul 2: Wastong Tono Gamit ang Boses o Instrumento
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Selah Mae Joy E. Acosta

Editor: Johnna D. Mamaril

Tagasuri: Marivic O. Arro, Rhenan H. Nisperos, Patrick John P. Peresores,
Gloria C. Sabanal, Lea C. Manambay, Ana Lorma A. Dahiroc

Tagaguhit: Johnrey G. Canate, Selah Mae Joy E. Acosta, Edralin A. Gumilan

Tagalapat: Alona L. Ambasan, Precy A. Tagaro, Oliver O. Ostulano

Tagapamahala: Allan G. Farnazo

Reynante A. Solitario

Mary Jeanne B. Aldeguer

Janwario E. Yamota

Analiza C. Almazan

Djhoane C. Aguilar

Ma. Cielo D. Estrada

Maria Perpetua Angelita G. Suelto

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Music

Ikalawang Markahan – Modyul 2:
Wastong Tono Gamit ang Boses
o Instrumento

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Matututunan mo sa modyul na ito ang pag-uugnay ng wastong tono gamit ang boses o instrumento **(MU3ME-IIa-2)**. Malalaman mo rin ang iba't ibang **Kodaly Hand Signal** at ang so-fa silaba ng isang limguhit ayon sa pitch nito. Mas mapapalawak nito ang iyong kaalaman ukol sa iba't ibang tono ng musika.

Pagkatapos mapag-aralan at gawin ang mga gawain na nasa nilalaman ng modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. nalalaman ang wastong pitch ng tono na nasa limguhit;
2. naiuugnay ang wastong pitch ng tono gamit ang boses;
3. naiuugnay ang Kodaly Hand Signal sa wastong nota nito.




Subukin


Basahin ang sumusunod na tanong. Piliin ang wastong sagot at isulat ito sa sagutang papel. Tandaan, huwag sulatan ang modyul.

1. Ano ang tawag sa mataas o mababang tono ng musika?
 - a. timbre
 - b. melody
 - c. dynamics
 - d. pitch

2. Tukuyin sa sumusunod na nota sa limguhit ang nagpapakita ng mataas na tono.



3. Alin sa sumusunod na mga Kodaly Hand Signal ang may mataas na tono?



4. Anong so-fa silaba ang ipinapakita sa Kodaly Hand Signal na nasa ibaba?



- a. so
b. re
c. la
d. ti
5. Bakit kinakailangan ng isang composer ang iba't ibang pitch?
- a. upang maipaabot sa mga nakikinig ang mensaheng nais nitong iparating.
b. upang makalikha ng isang magandang awitin.
c. upang mas makilala sa larangan ng musika.
d. dahil nais niya lamang.

Aralin

1


Wastong Tono Gamit ang Boses at Instrumento



Balikan

Sa nakaraang modyul, natutuhan ninyo ang iba't ibang pitch ng musika. May mas mababang tono, mababang tono, mataas na tono at mas mataas na tono.

Tingnan ang sumusunod na nota sa limguhit. Isulat kung ang nota ay nasa **mas mababa**, **mababa**, **mataas** o **mas mataas** sa sagutang papel. Tandaan, huwag sulatan ang modyul.



Tuklasin

Sino ba ang paborito mong sikat na mang-aawit? Bakit mo sya nagustuhan? Ano ang kalidad ng boses nya? Sumulat ng isang maikling talata ukol sa paborito mong mang-aawit. Gawin ito sa sagutang papel.





Suriin

Ang *Pitch* ay ang pagkakaiba –iba ng tono ng musika. May mababang tono, mas mababang tono, mataas na tono at mas mataas na tono. Ito ay naaayon sa kinalalagyan ng nota sa limguhit. Dahil sa iba't ibang tono ng nota sa limguhit, ito ay lumilikha ng isang magandang himig.

Kinakailangan ang iba't ibang *pitch* ng isang komposer upang makalikha ng isang magandang awit.

Makikita sa ibaba ang limguhit na may mga nota at ang katumbas nitong so-fa silaba at Kodaly Hand Signal. Maaari mo bang awitin ang sumusunod na so-fa silaba ayon sa kinalalagyan nito sa limguhit habang ginagawa ang Kodaly Hand Signal? Maaari kang magpatulong sa iyong magulang o kapatid.



Awitin natin ngayon ang “Bahay Kubo” na nasa. Sundan ang sumusunod na nota sa limguhit at siguraduhing naawit ito nang wasto sa tono.


Bahay Kubo

Tagalog Folk Song

Ba-hay-ku, -bo, ka-hit mun-ti, angha-la-man do on, ay sa-ri sa-ri; singka
 mas atta-long, si-ga-ni-yas atma-ni, si-taw, -ba-taw pa-ta ni. Kun-dol, pato-
 la, u-po't kala-ba-sa, at sa-ka may-ro'n pang la-ba-nos, mus-ta-sa, si-bu-yas, kama-
 tis, ba-wang at lu-ya, sa pa-li-gid ni-to ay pu-no ng li-nga.

MAPEH in Action 3 Kagamitan ng Mag-aaral pahina 107


Nakanta mo ba ang wastong tono ng awiting ito? Maaari mong gawin ito na kasabay ang Kodaly Hand Signal, ang bawat nota. Kaygandang pakinggan ang isang awitin kung naawit ito nang wasto ang tono.




Pagyamanin

Gawain 1

Ihanay ang wastong Kodaly Hand Signal ayon sa so-fa silaba ng bawat nota na nasa limguhit. Isulat ang titik ng wastong sagot sa sagutang papel. Tandaan, huwag sulatan ang modyul.



1. 2. 3. 4. 5.



Gawain 2

Awitin ang "Ten Little Indians". Sabayan ito ng wastong Kodaly Hand Signal ang bawat nota. Maaari mong sanayin muna bago gawin. Ang iyong magulang ang tagapanood at hurado sa gawaing ito.

Ten Little Indians

Old Song



Generated through Musescore by Sir Roneto Alba

Rubriks:

	Pinakamahusay (3)	Mahusay (2)	Paunlarin (1)
1. Nakaaawit sa wastong pitch ng kanta.			
2. Nasasabayan ng wastong Kodaly Hand Signal ang bawat nota.			
3. Naisasagawa ang gawain ng may kasiyahan.			
Kabuoan	/9		



Isaisip

1. Ang pitch ay ang mababa at mataas na tono ng isang musika.
2. Kinakailangan ng isang komposer ang iba't ibang pitch upang makalikha ng isang magandang musika o awit.
3. Maaaring gamitin ang boses o instrumento sa paglikha ng wastong pitch ng isang awitin.



Isagawa

Awitin ang "Twinkle Twinkle Little Star". Kinakailangang ito ay aawitin nang may wastong pitch. Sabayan ng Kodaly Hand Signal ang bawat nota. Ang iyong magulang ang tagapanood at hurado sa gawaing ito.

Twinkle Twinkle Little Star

Twin - kle Twin - kle lit - tle star How I won - der what you are

up a - bove the world so high Like a dia - mond in the sky.

Twin - kle Twin - kle lit - tle star how I won - der what you are.

Generated through Musescore by Sir Roneto Alba.

Rubriks:

	Pinakamahasay (3)	Mahasay (2)	Paunlarin (1)
1. Nakaaawit sa wastong pitch ng kanta.			
2. Nasasabayan ng wastong Kodaly Hand Signal ang bawat nota.			
3. Naisasagawa ang gawain ng may kasiyahan.			
Kabuoang Iskor	/9		



Tayahin

Basahin ang sumusunod na tanong. Isulat ang titik ng wastong sagot sa sagutang papel. Tandaan, huwag sulatan ang modyul.

_____ 1. Bakit kinakailangan ng mga composer ang iba't ibang uri ng pitch?

- a. upang makalikha ng isang magandang awit
- b. upang makabuo ng isang koro
- c. upang malikha ng tunog
- d. upang maging kilala

_____ 2. Alin sa sumusunod na Kodaly Hand Signal ang nagpapakita ng so-fa silaba na **ti**?




_____ 3. Anong pitch ng nota ang ipinapakita sa Kodaly Hand Signal na ito?



- a.
- b.
- c.
- d.

_____ 4. Alin sa mga sumusunod na Kodaly Hand Signal ang ipinapakita sa limguhit ?



- a.
- b.
- c.
- d.


_____ 5. Ano ang tawag sa mababa o mataas na tono ng musika?


- a. timbre
- b. dynamics
- c. melody
- d. pitch





Karagdagang Gawain


Isulat ang Tama kung wasto ang tinutukoy na so-fa silaba sa nota ng bawat bilang at Mali naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. Tandaan, huwag sulatan ang modyul.

_____ 1.  la

_____ 2.  mi

_____ 3.  do

_____ 4.  so

_____ 5.  Re



Susi Sa Pagwawasto

Tayahin 1. a 2. b 3. b 4. a 5. d Karagdagan Gawain A. 1. Tama 2. Mali 3. Mali 4. Tama 5. Tama	Pagpamalin Gawain 1 1. d 2. e 3. b 4. c 5. a Gawain 2 Magaring magkakaliba ang sagot Isagawa Magaring magkakaliba ang sagot	Subukin 1. d 2. c 3. c 4. c 5. b Baliklan 1. mababa 2. mas mataas 3. mataas 4. mataas 5. mas mababa
--	---	---

Sanggunian

Department of Education Curriculum and Instruction Strand
2020. *Most Essential Learning Competencies*. Department
of Education, Central Office, Meralco Avenue, Pasig City.

Ilagan, Amelia M. et al. *Music, Arts, Physical Education and Health
in Action 3 Teacher's Guide*. Rex Bookstore, Inc. Philippines.
2015.

Ilagan, Amelia M. et al. *Music, Arts, Physical Education and Health
in Action Learners Materials*. Rex Bookstore, Inc. Philippines.
2015.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph